Foundational Supports

# Pagdidisenyo ng Mga Pangunahing Suporta

Ang mga pamahalaan ay nagtutulungan upang magdisenyo at maghatid ng mga karagdagang suporta sa komunidad. Ang mga ito ay kilala bilang **Mga Pangunahing Suporta (Foundational Supports)**.

Ito ay mga partikular na suporta na karagdagan sa mga pangunahing serbisyo at suportang naa-access sa pamamagitan ng National Disability Insurance Scheme (NDIS). Tutulungan nila ang mga taong may kapansanan, at ang kanilang mga pamilya at tagapag-alaga sa ilang mahahalagang lugar na alam naming makakagawa ng malaking pagbabago.

## Bakit kailangan natin ng Foundational Supports?

Binago ng NDIS ang buhay ng maraming taong may kapansanan at narito ito upang manatili. Ang NDIS ay nagbibigay ng mga suporta sa mga karapat-dapat na taong may kapansanan.

Karamihan sa mga taong may kapansanan ay wala sa NDIS at hindi naman kailangan. Ang ilang mga tao na wala sa NDIS ay nangangailangan ng higit na tulong kaysa sa kung ano ang maaari nilang makuha sa pamamagitan ng mga kasalukuyang serbisyo sa komunidad.

Dito maaaring tumulong ang mga karagdagang Foundational Support.

## Tulungan kaming magdisenyo ng Mga Pangunahing Suporta (Foundational Supports)

Nais ng Pamahalaan ng Australya na makarinig mula sa mga taong may kapansanan, mga magulang, pamilya at ng sektor upang tumulong sa pagdisenyo ng mga karagdagang suportang nito.

Ang simula ng aming pakikipag-ugnayan ay ang paggawa ng ilan sa iba't ibang uri ng pangkalahatang suporta na maaaring maihatid at kung ano ang pinakamahalaga upang makuha namin ang pagdisenyo ng mga suportang iyon nang tama.

Ang iyong mga ideya ay makatutulong sa lahat ng pamahalaan na ayusin ang disenyo ng mga suportang ito.

### Sinu-sino ang mga taong gusto naming marinig

Magkakaroon ng mga sesyon ng pakikipag-ugnayan kasama ang:

- mga taong may kapansanan, nasa NDIS man sila o wala.
- pamilya, tagapag-alaga, kamag-anak at tagapagtaguyod.
- iba pang mga stakeholder, tulad ng mga service provider. Kabilang dito ang mga naroon sa kapansanan, kalusugan, kalusugan ng isip, maagang pagkabata, mga paaralan at iba pang mga lugar.

## Bakit mahalagang marinig ang aking sasabihin?

Ang iyong karanasan ay makakatulong sa amin na magdisenyo kung ano ang dapat na hitsura ng mga karagdagang suporta at kung paano sila dapat ihatid.

## Ano ang tatalakayin natin sa mga pag-uusap

Mayroong iba't ibang uri ng Foundational Supports. Sa simula, bibigyang-tuon natin ang ilan lang sa mga suportang ito, ang tinatawag na Mga Pangkalahatang Suporta (General Supports). Ito ay para sa lahat ng taong may kapansanan na wala pang 65 taong gulang.

Depende sa iyong mga interes, maaari kang sumali sa mga talakayan tungkol sa mga suporta tulad ng:

- impormasyon at payo
- pagtataguyod sa sarili
- suporta ng mga kasamahan
- pagbuo ng kapasidad.

Hihilingin din namin ang iyong mga ideya kung paano idinisenyo ang Mga Pangkalahatang Suporta (General Supports) upang tulungan ang mga partikular na grupo, tulad ng mga kabataan na nangangailangan ng suporta sa mga pangunahing yugto ng buhay, mga taong may ilang partikular na kapansanan, at mga pamilya, tagapag-alaga at kamag-anak ng mga taong may kapansanan.

Magkakaroon ng iba pang mga uri ng Foundational Supports at gustong makuha ng mga pamahalaan ang iyong mga ideya tungkol sa mga hinaharap na yugto ng pakikipag-ugnayan. Ipapaalam namin sa komunidad kung kailan magsisimula ang mga susunod na yugto ng pakikipag-ugnayan.

## Paano ako magkakaroon ng pagkakataon na ipahayag aking sasabihin?

Mayroong iba't ibang mga paraan upang maipahayag mo ang iyong sasabihin. Maaari kang mag-ambag sa anumang mga paraang ito.

- **Dumalo sa isang kaganapan** – magparehistro para sa mga roundtable na pag-uusap gamit ang Engagement Schedule sa https://engage.dss.gov.au/foundational-supports/ o i-email ang iyong interes sa Foundational.Supports@dss.gov.au
- **Idagdag sa ating Ideas Wall** – maaari kang magdagdag ng mga ideya tungkol sa kung anong mga suporta ang kailangan at ibahagi ito sa iba sa isang pampublikong online board.
- **Sagutan ang mga tanong online o magpadala ng isinumite na mga sagot** – ang mga ito ay makukuha sa aming website https://engage.dss.gov.au/foundational-supports/ o gumamit ng QR code.
- **Makipag-ugnayan sa aming engagement team** – maaari kang makipag-ugnayan sa aming engagement team sa The Social Deck na sumusuporta sa mga pag-uusap na ito sa mga tao tungkol sa mga karagdagang suporta. Tutulungan ka nila sa mga pinakamahusay na opsyon para makapag-ambag ka.
Mag-email foundationalsupports@thesocialdeck.com

## Higit pang impormasyon

**Para makilahok bisitahin ang** https://engage.dss.gov.au/foundational-supports/ o gumamit ng QR code.

**Maaari ka ring mag-email sa** Foundational.Supports@dss.gov.au